Republika ng Pilipinas

**KAGAWARAN NG EDUKASYON**

Rehiyon XII

**SANGAY NG PAARALANG LUNGSOD**

**__________ DISTRICT**

Lungsod ng ______________

## Ika-apat na Markahang Pagsusulit sa EPP V - Sining Pantahanan

Pangalan: _________________________________ Gr.&Sec. __________________ Petsa _______________

Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang bago ang numero.

______1. Napansin ni Nora na maraming lumalabas na butlig sa kanyang mukha ngunit mabuti naman ang kanyang pakiramdam. Siya ay ______

a. kinagat ng hayop    c. may malubhang karamdaman
b. may galis    d. nagdadalaga na kaya may tagihawat

______2. Magtatapos na sa ika-anim na baitang si Gary, napuna niyang parang pumipiyok at lumalaki ang kanyang boses. Naisip niyang ang pagbabagong ito ay dahil sa ______.

a. sobrang paginom niya ng softdrinks    c. nagbibinata na siya
b. nahamugan siya kagabi    d. nahihiya siyang makipag – usap

______3. Ngayon pa lamang nagkaroon ng buwanang daloy o regla si Helen. Alin sa mga payong ito ang nararapat niyang sundin?

a. huwag maliligo    c. iwasan ang pagkain ng maasim
b. panatilihin ang kalinisan ng katawan    d. huwag gagamit ng pasador

______4. Si Romy ay bagong tuli. Upang maiwasan ang impeksyon, ano ang dapat niyang gawin?

a. kumain ng marami    c. makipaghabulan sa kalaro
b. mamahinga ng ilang araw    d. huwag maligo

______5. Anong pagbabago ang mapapansin sa isang nagbibinata o nagdadalaga?

a. nagiging masungit    c. umiiwas sa pakikisalamuha sa kapwa
b. nagiging palaaway    d. nagiging palaayos at malinis sa katawan

______6. Papasok na sa paaralan si Merlyn. Ano ang dapat niyang isuot?

a. night gown o pantulog    c. mahabang damit
b. uniporme at sapatos pamasok    d. shorts

______7. Umalis ang nanay ni Maila. Tastas ang laylayan ng damit na kanyang isusuot. Ano ang kanyang dapat gawin?

a. lagyan ng aspile ang tastas    c. tahiin ang tastas na laylayan
b. hintayin ang nanay at ipatahi    d. isuot ang damit na sira

______8. Nasabit ang damit ni Irma at napunit. Natutuhan niya ang wastong pagkukumpuni. Ang damit niya ay kanyang _____

a. huhubarin at susulsihin    c. hahayaang lumaki ang sira
b. itatago    d. ipapatahi sa nanay

______9. Maayos na maayos ang bihis ni Regine. Mabilis siyang lumabas ng bahay kaya napunit ang palda niya. Ano ang dapat niyang gawin?

a. Sulsihan nang maayos ang palda    c. dikitan ng tape
b. magpalit ng ibang palda    d. itiklop at itago na lamang

______10. May kalawang ang uniporme ni Paz. Para maalis ito, gumamit siya ng maligamgam na tubig at ________.

a. sabon    c. chlorox
b. gaas    d. kalamansi at sabon

______11. Si Aling Lea ay mahusay na labandera. Upang maalis ang paninilaw ng puting damit sa kanyang nilalabhan, dapat siyang gumagamit ng _______

a. tide    c. tina
b. chlorox    d. palo – palo

______12. Nalagyan ng kandila ang damit ni Edna. Ano ang dapat niyang gawin?

a. kumuha ng papel, ipatong at plantsahin ang parteng may kandila
b. lagyan ng carbon tetrachloride
c. sepilyuhin sa mainit na tubig na may sabon
d. ibabad sa tubig at sabon ang mantsa

______13. Si Aling Connie ay labandera sa pamilya Ramos. Alin ang dapat niyang unahing sabunin?

a. damit panloob    c. damit pang-opisina
b. damit pangtrabaho    d. puting damit

______14. Namamalantsa ng puting polo si Pilar. Anong bahagi ng polo ang uunahin niya?

a. manggas    c. balikat
b. kuwelyo    d. harapan

_______15. Kinakailangang ilagay sa _______ na temperatura ang plantsa kapag koton at linen ang pinaplantsang damit.

a. mababa c. katamtaman
b. mataas d. pinakamataas

_______16. Mananahi ng kurtina para sa kanilang bahay si Perla. Ang haba nito ay mula itaas hanggang sahig. Gaano ang tamang layo nito mula sa sahig?

a. isang pulgada c. kalahating dangkal
b. tatlong pulgada d. isang dangkal

_______17. Ang isang tao ay may _______ kapag siya ay tumutulong sa mga gawain sa tahanan, paaralan o pamayanan kahit hindi sinasabihan.

a. pagkukusa c. pakikisama
b. pagtitiwala d. paggalang

_______18. Si Aling Mita, bilang isang ina, ay may tungkulin sa pamilya na _________

a. maglaba ng damit c. maghanapbuhay para sa pamilya
b. pagalitan ang mga anak d. pangasiwaan ang tahanan

_______19. Binigyan ni Aling Rosa ng gawain ang bunsong anak na babae na nasa ikalimang baitang. Alin dito ang trabahong pambabae?

a. pag – iigib ng tubig c. magtiklop ng nilabhang damit
b. mangahoy d. magdilig ng halaman

_______20.Maysakit ang iyong ina, hindi mo alam kung ano ang sakit niya. Ano ang uunahin mong gawin?

a. magluto ng pagkain ng maysakit c. tatawag ka ng doctor
b. babantayan mo siya d. paiinumin ng gamot ang maysakit

_______21. Alin ang dapat gawin ni Nilda para sa lola niyang maysakit upang ito ay malibang?

a. kuwentuhan ng masasayang balita c. maghanda ng masarap na pagkain
b. palitang ang posisyon ng katawan d. maglagay ng bulaklak sa plorera

_______22. Walang ganang kumain ang may sakit na ina ni Lena. Ano ang dapat niyang gawin?

a. painumin ng gamot c. bigyan ng mahal at masarap na pagkain
b. bigyan ng tray ng pagkain at bulaklak d. patingnan sa manggagamot

_______23. Mahalaga ang pagkuha ng pulso ng maysakit, anong mga daliri ang ginagamit sa pagkuha nito?

a. hintuturo at gitnang daliri c. palasingsingan at hinliliit
b. gitnang daliri at palasingsingan d. hintuturo at hinlalaki

_______24. Ang mag – anak ni Saling ay may talatakdaan na nakapaskil sa tabi ng kusina. Tinitingnan nila ito sa pagtupad ng kanilang gawain at nilalagdaan matapos gawin. Ano ang pinatutunayan ng talatakdaang ito?

a. Hindi pinapansin ang talatakdaan c. sinusunod ang talatakdaan
b. pinababayaan ang talatakdaan d. pinaskil lamang ang talatakdaan

_______25. Hindi nalilito at natatapos ni Ted ang lahat niyang g awain sa buong maghapon sapagkat _______

a. nagpapatulong siya sa katulong c. sinusunod niya ang talatakdaan
b. nagpapatulong siya sa asawa d. ibang tao ang pinagagawa niya

_______26. Maliit lamang ang silid – tulugan ni Lucia. Nais niya itong magmukhang malaki.Ano ang dapat niyang gawin?

a. Pinturahan ito ng berde c. Huwag lalagyang ng palamuti
b. Pinturahan ito ng dilaw d. Lagyan ito ng sariwang bulaklak

_______27. Ang matinding sikat ng araw ay pumapasok sa silid ni Nora. Kinabitan niya ng kurtina ang mga bintana. Paano ginamit ni Nora ang kurtina?

a. Pampigil ng liwanag c. pangkubli sa ginagawa sa loob ng silid
b. pandekorasyon d. pinagmukhang mataas ang bintana

_______28. Ang kulay ng papel na paglalapatan o didikitan ng larawan ay kailangang ______

a. puti c. matingkad nang kaunti sa pinakamurang kulaysa larawan
b. itim d. mapusyaw nang kaunti sa pinakamatingkad na kulay sa larawan

_______29. Naglilinis ng bakuran si Rhoderick. Nakita niya ang baradong kanal sa kanilang likuran. Ano ang nararapat niyang gawin?

a. Hayaan ang baradong kanal c. Tabunan ang kanal
b. Pagtiyagaang linisin ang kanal d. Sabihin sa nanayang nakita

_______30. Maraming alagang baboy sina Nilda. Ano ang nararapat gawin sa mga dumi nito upang hindi mangamoy sa paligid?

a. Paagusin sa kanal c. igawa ng balon na tapunan ng dumi
b. itambak sa isang sulok ng bakuran d. itapon sa ilog

_______31. Naglalaro si Mila sa bakuran nang mapansin niyang nakapasok sa kabilang bakuran ang alagang kambing. Pumunta ito sa halamanan ng kapitbahay. Ano ang dapat niyang gawin?

a. Hintaying dumating ang kapitbahay c. Panoorin ang kambing
b. Huwag pansinin ang kambing d. Bugawin ang kambing

_______32. Ang mag – anak na Cruz ay modelo sa Waste Management. Ano ang ginagawa nila sa kanilang basura?

a. Halu – halo ang lahat ng patapong bagay
b. Itinatapon ang lahat ng basura sa balon
c. Inuuri at pinagbubukod – bukod ang basura
d. Itinatapon sa malapit na bakanteng lote

_______33. Ang mga sumusunod ay mga salita na dapat tandaan sa pagbabalak at paghahanda ng pagkain ng mag – anak maliban sa isa. Alin ito?

a. gulang, kalusugan at gawaing ng kasapi
b. kaugalian at pananampalataya
c. kagustuhan ng bunsong anak
d. panahon at lugar ng paghahanda

_______34. Si Aling Betty ay mahusay na kusinera. Alin sa mga putaheng niluto niya ang masustansiya na at mura pa?

a. sinigang na baboy
b. kare – kare
c. nilagang manok
d. ginisang munggo na may ampalaya

_______35. Ang pangunahing sustansyang makukuha sa mga pagkain tulad ng karne, manok, itlog, gatas at mga bungang butil ______

a. carbohydrates
b. protina
c. bitamina
d. mineral

_______36. Alin sa mga sumusunod na pagkain ang sagana sa Bitamina A

a. madahong gulay, kalabasa
b. dilis, shellfish
c. kanin, mais
d. bayabas, manga

_______37. Nais ni Julia na mapanatili niya ang kulay ng gulay ng kanyang nilululuto. Ano ang dapat niyang gawin?

a. Pirituhin ng bahagya
b. Patagalin sa kawali
c. Lutuin lamang sandal
d. Huwag haluin habang nilululuto

_______38. Inilista muna ni Lino ang mga bibilhin at kakailanganing sangkap sa pagkaing kanyang ihahanda bago magtungo sa palengke. Ano ang salik sa pamimili ang kanyang sinusunod?

a. sistematikong pamimili
b. biglaang pamimili
c. bulagsak na pamimili
d. di – sistematikong pamimili

_______39. Tag – ulan kaya maraming nakapagtanim at nag – ani ng mga gulay. Paano mo maipamamalas ang pagiging isang matalinong mamimili?

a. Bilhin lahat ng gulay
b. Bilhin kahit hindi kailangan
c. Bilhin ang mga gulay na napapanahon
d. Bilhin kung ano ang makita

_______40. Hindi naubos ang inihandang pagkain ni Aling Maria. Ano ang nararapat niyang gawin sa mga natira?

a. itapon lahat
b. ilagay sa palamigan
c. hayaang mapanis
d. ipakain lahat sa mga alagang hayop

_______41. Ang mga pagkaing may sabaw tulad ng sopas, sinigang at nilaga ay laging idinudulot nang ______

a. malamig
b. katamtamang init
c. mainit
d. malamig o mainit

_______42. Magtitimpla ng kape si Jake para sa mga panauhin. Anong kasangkapan ang hindi niya magagamit?

a. tasa
b. kutsilyo
c. kutsarita
d. platito

_______43. Pagkatapos magluto ni Mary, ang mga ginamit niyang mga kasangkapan ay dapat ______.

a. nilinis at iniligpit
b. iniligpit sa taguan
c. ibinabad sa tubig at pinahugasan sa iba
d. pinabayaan sa kusina

_______44. Napansin ni Rey na malangaw at maipis sa kanilang kusina. Ibig niyang mag- isprey ng insecticide. Ano ang tamang panahon ng pag-iisprey?

a. habang nagluluto si Nanay
b. umagang – umaga
c. sa oras ng pananghalian
d. nang wala ng gumagawa sa kusina

_______45. Bilang mga anak, may mga tungkulin tayong dapat gampanan. Alin sa mga sumusunod ang hindi natin dapat gawin?

a. kusang loob na pagtulong sa mga gawaing bahay
b. magdabog kung inuutusan
c. igalang ang nakatatanda
d. mag –aral ng mabuti

_______46. Ang hindi pag-aasawa ng maaga ay nakakatulong upang ________.

a. hangaan ng kapwa
b. lumago ang kayamanan
c. matugunan ang pangangailangan at matupad ang mithiin
d. magtagumpay sa gawain

_______47. Ang mga katangiang dapat hanapin sa magiging kabiyak ay ang mga sumusunod maliban sa :

a. may mabuting angkan
b. may sapat na kita
c. may pagtitiwala
d. sakitin

_______48. Alin sa mga sumusunod ang hindi kasama sa pangkat ng paraan ng paglutas ng mga suliranin?

a. itakda ang mga gawain sa bawat isa
b. ipakita ang pantay pantay na pagtingin at pagmamahal sa mga anak
c. hayaan lang ang suliranin
d. lutasin agad ang anumang suliranin upang hindi na lumala

_______49. Ang katangian ng taong may dangal sa paggawa ay ang sumusunod maliban sa :

a. pagmamahal sa paggawa
b. malikhain
c. tiyaga
d. tamad

_______50. Ang pagkakaroon ba ng iba't – ibang uri ng hanap buhay ay nakadaragdag sa ______ ng mag – anak.

a. kita
b. gastos
c. puwersa
d. lahat ng nabanggit

Department of Education
Region III
Division of City of San Fernando (P)

Ika-apat na Markahang Pagsusulit sa EPP V - Sining Pantahanan

Mga Sagot

1. d
2. c
3. b
4. b
5. d
6. b
7. c
8. a
9. a
10. d
11. a
12. a
13. c
14. b
15. b
16. a
17. a
18. d
19. c
20. c
21. a
22. d
23. a
24. c
25. c
26. a
27. a
28. a
29. b
30. c
31. d
32. b
33. c
34. d
35. b
36. a
37. c
38. a
39. c
40. b
41. c
42. b
43. a
44. d
45. b
46. c
47. d
48. c
49. d
50. a

Department of Education
Region III
Division of City of San Fernando (P)

Ika-apat na Markahang Pagsusulit sa EPP V - Sining Pantahanan

Talaan ng Ispesipikasyon

| **Layunin** | **Blg. ng Araw** | **Blg. ng mga Aytem** | **Bahagdan (%)** | **Kinalalagyan ng Item** |
|---|---|---|---|---|
| 1. Nasasabi ang mga pagbabagong nagaganap sa nagdadalaga at nagbibinata | 2 | 2 | 5 | 1,2 |
| 2. Natatalakay at napahahalagahan ang wastong pamamaraan ng pangangalaga sa sarili sa panahon ng pagdadalaga at pagbibinata | 2 | 3 | 5 | 3,4,5 |
| 3. Nagagamit ang angkop na kasuotan sa iba't – ibang panahon at pagkakataon | 1 | 1 | 2.5 | 6 |
| 4. Nakapagkukumpuni ng sira o punit na damit sa pamamagitan ng pananahi sa kamay | 2 | 3 | 5 | 7,8,9 |
| 5. Natutukoy ang mga mantsa at ang paraan ng pag – aalis nito sa damit | 2 | 3 | 5 | 10,11,12 |
| 6. Naipapakita ang wastong pamamaraan ng paglalaba at pamamalantsa | 2 | 3 | 5 | 13,14,15 |
| 7. Natutukoy ang mga paraan ng pag – aayos at pagpapaganda ng tahanan | 1 | 1 | 2.5 | 16 |
| 8. Naisasagawa ang kasiya – siyang pakikitungo sa mga kasaping mag – anak | 2 | 3 | 5 | 17,18,19 |
| 9. Naipapakita ang wastong pamamaraan ng pag – aalaga ng may sakit | 3 | 4 | 7.5 | 20,21,22,23 |
| 10. Natutukoy ang mga tungkulin at pananagutan ng bawat kasaping mag – anak | 3 | 4 | 7.5 | 24,25,26,27 |
| 11. Natutukoy ang mga gawaing makapagpapabuti sa kapaligiran | 4 | 5 | 10 | 28,29,30,31 |
| 12. Nakapagbabalak ng masustansiya, mura at sapat na pagkain para sa mag –anak | 4 | 5 | 10 | 33,34,35,36,37 |
| 13. Naipapakita ang kaalaman sa matalinong pamimili | 2 | 2 | 5 | 38,39 |
| 14. Nakapagdudulot ng pagkain sa buong mag – anak sa wastong paraan at may kasiyahan | 2 | 2 | 5 | 40,41 |
| 15. Naipapakita ang wastong paggamit ng mga kagamitan sa pag hahanda ng pagkain | 1 | 1 | 2.5 | 42 |
| 16. Natutukoy ang wastong paraan ng pagliligpit at paghuhugas ng kasangkapan sa hapagkainan at pinaglulutuan | 2 | 2 | 5 | 43,44 |
| 17. Napahahalagahan ang maaaring ibunga ng ipinagpalibang pag – aasawa sa mga pananagutang pagtupad ng mga tungkulin bilang kasaping mag – anak | 1 | 1 | 2.5 | 45 |
| 18. Naipapakita ang kabutihang dulot ng ipinagpalibang pag – aasawa sa maayos at may pananagutang pagtupad ng mga tungkulin | 1 | 2 | 5 | 46,47 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 19. Natutukoy ang karaniwang sanhi ng suliranin ng mag – anak | 1 | 1 | 5 | 48 |
| 20. Naipamamalas ang kanais – nais na kaugalian at pagpapahalaga sa paggawa na nakatutulong sa pagunlad ng isang gawaing mapagkakakitaan | 1 | 1 | 2.5 | 49 |
| 21. Natatalakay kung paano makakatulong sa pagunlad ng kabuhayan ng mag – anak at pamayanan ng mga gawaing mapagkakakitaan | 1 | 1 | 2.5 | 50 |
| **KABUUAN** | 40 days | 50 | 100 | |